The Mindanao Forum, Vol. XXI, No. 2, December 2008

# Kuwento ng Nanay, Nanay ng Kuwento: Ang Guro Bilang Tagamangha

GERMAN V. GERVACIO

**Abstract**

*Tatalakayin ng artikulo ang papel ng guro bilang isang taga-kuwento sa mga estudyante tulad ng isang ina. Ang ina bilang unang kuwentista ang nagsisilbing tagamangha, kung ganoo'y unang tagabinat ng imahinasyon ng mga bata. Sa pamamagitan ng kamangha-manghang kuwento, mai-engganyo ng isang guro ang kanyang mga estudyante, na gamitin ang kanilang imahinasyon at pumaloob sa daigdig ng panitikan. Mahalaga ang haraya o imahinasyon hindi lamang sa pagtuturo o pag-aaral ng panitikan, kundi pati na rin sa pagtugon sa mga kumplikadong karanasan ng mga estudyante, personal man o pang-akademiko.*

*Magbibigay rin ng mga halimbawang panitikang bayan at maglalatag ng gabay kung paano ito uunawain at bibigyan-kahulugan. Tutukuyin ang mahikal at kamangha-manghang panitikan ng ating bansa at kung paano nito nahuhubog ang ating pananaw.*

*Kaakibat ng ganitong pagtingin sa kahalagahan ng pagkukuwento bilang instrumento ng pagkatuto, iminumungkahi ang pagbabalik sa mga panitikang-bayan. Ang mga salawikain, epiko at kuwentong bayan ay hindi lamang mabisang piyesa sa pagkukuwento kundi isang malinaw na salamin ng ating kasaysayan at pagkakakilanlan.*

*The article discusses the teacher's role as a storyteller for students – the same as that of a mother, who is her children's*

GERMAN G. GERVACIO, a graduate of AB Filipino at MSU-IIT, Magna Cum Laude and MA Malikhaing Pagsulat (UP Diliman). He was a Fellow of the 1st Iligan National Writers Workshop, 1st UP Mindanao National Writers Workshop and 2nd Panulat National Writers Workshop. He was the Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature three times and a four-time winner of the Homelife Magazine National Poetry Competition. He is currenly an Associate Professor of the Department of Filipino at ibang mga Wika, MSU-IIT, and is completing his a Ph.D. degree from the UP Diliman. He is an Outstanding Alumnus of the MSU-IIT.

*first narrator. Just as a mother's amazing tales stretches her kids' imagination, a teacher's marvelous stories rouses his students' imagination and leads them to the world of literature. Crucial in both teaching and studying literature, the imagination also allows teachers to better respond to students' various and complex academic and personal concerns.*

*The article also provides examples of local literature, as well as guides on how these may be analyzed and understood. It underscores how the magical and awe-inspiring literature of our country shapes our vision as a people.*

*Revisiting our very own literature is recommended, as we study the significance of storytelling as an educational tool. Our local and ethnic proverbs, epics, and folklores are not only valuable pieces of narratives; they are mirrors of our history and national identity.*

## Kuwento ng Nanay

Walumpu't dalawang taon na si Inay. Hindi pa naman ulyanin pero bibihirang magsalita. Hindi sasagot kung hindi mo tatanungin. Hindi iimik kung hindi kakausapin. Minsan, kapag tinatawagan namin sa telepono, wala kang maririnig kundi mga impit na hikbi. Hindi dati ganito si Inay. Dati, punung-puno siya ng kuwento. At dahil ako ang kanyang bunsoy sa labintatlo nilang supling, ako ang lagi niyang nabibiktima.

Kukuwentuhan niya ako tungkol sa isang higanteng makina na susubuan mo lang daw ng mga bato at paglabas nito ay iba't ibang klase na ng pagkaing gusto mo. Bibidahan niya ako tungkol sa isang munting bahay na yari sa suman, bibingka at puto at ang lumalabas sa gripo ay hindi tubig kundi mainit na tsokolate. May duda nga ako na kaya ako lumaking mabait (joke!) ay dahil hindi ko malimutan ang kuwento ni Inay tungkol sa isang mabait na batang pinag-alaga ng mag-asawang buwaya ng kanilang anak. Dahil magiliw na inalagaan ng bata ang anak ng mga ito at napatulog nang mahimbing, niregaluhan siya ng mag-asawang buwaya ng isang baul na punung-puno ng perlas at mamahaling hiyas. Samantalang nung ang mag-alaga sa beybi buwaya ay isang salbaheng batang kinurut-kurot at pinalu-palo ito, isang baul naman na punung-puno ng makamandag na ahas ang inihandog ng mag-asawang buwaya.

Kung ayaw kong magpahinguto, tatakutin ako ni Inay na sisipsipin ng mga kuto ang dugo sa ulo ko hanggang sa maging higanteng kuto ang mga ito at ililipad ako sa malayung-malayong pook. Kapag ayaw

kong tingkiin ang aming hapunan dahil sawa na ang bata kong dila sa tuyo o kaning winisikan ng toyo at mantika, muli akong paaalalahanan ni Inay na kapag natulog daw ako nang kumakalam ang tiyan, babangon daw ang aking kaluluwa at maghahanap ng pagkain sa kalawakan at malamang daw na hindi na muling bumalik sa aking katawan.

May kuwento si Inay tungkol sa isang malabay na puno sa aming looban na dinadapuan ng sari-saring uri ng ibon. May kuwento siya tungkol kay Itay na minsang papasok sa pinagtuturuang elementari iskul at bumabagyo ay nakisukob sa payong ng isang babaeng walang mukha. May kuwento siya tungkol sa aming Koyang na gustong palitin ng isang supot ng asukal ng sundalong Hapon. Tungkol sa kapatid kong may polio na ihinahatid ng matangkad na mamang lagpas pa sa bubungan ng bus kapag magsisimba sila sa Nazareno sa Quiapo. Tungkol sa matandang dalagang kapit-bahay na nagiging baboy-ramo. Tungkol dito, tungkol doon. Tungkol sa ganito, tungkol sa ganoon. Tungkol kay ganire, tungkol kay kuwan. Kasalit ng mga kuwentong iyon ang mga bugtong, tugmaan, patawa, palaisipan at anumang pampuno sa oras sa pagitan ng ina at ng kanyang anak. Isang awiting una kong narinig kay Inay ang hindi ko malilimutan. Halos ganito iyon: Ako ay nagtanim/ kapirasong luya/ nang tumubo'y gabi/ namunga ng mangga/ Nang pipitasin ko/ hinog na papaya/ Lumagpak sa lupa/ magandang dalaga.

Ang mga kuwentong ito ang nagpamangha sa bata kong isipan. At si Inay ang aking tagamangha. Kalaunan, matutuklasan kong hindi lahat ng kuwento niya ay orihinal. Subalit hindi na iyon mahalaga. Namangha ako at ang pagkamanghang iyon ang dahilan kung bakit patuloy kong tinutuklas ang mahika ng ating panitikan. Sa pamamagitan man ng pagsulat o pagbasa, patuloy akong lumulubog, umaahon, sumisingit, gumigiit sa pagitan ng mga hiblang-titik na masinsing hinabi, hinahabi at hahabihin ng mga panitekero ng bayan ko.

Pagkamangha ang susi. Pagkamangha ang susing magbubukas sa atin sa gintong pintuan ng ating panitikan.

## Nanay ng Kuwento

Ang mga guro raw ang pangalawang ina ng mga estudyante sa paaralan. May pagka-O.A. naman talaga ang pananaw na ito. Subalit kung ikaw ay isang guro ng panitikan, panahon na para muli itong pag-isipan. Bilang guro ng panitikan, hindi ka lamang inaasahang mag-

astang-Nanay ng mga estudyante. Kailangan mo ring maging "nanay" ng mga kuwento. Kailangang magbuntis ka at magluwal ng panitikan. Posible naman yata. Subalit kung ganito ang eksena:

12:00-1:30 ang klase mo. Katirikan ng araw. Leyt ka ng sampung minuto dahil nung vacant mo ng 10:30-12:00 ay dumaan ka sa GSIS at PAG-IBIG. Mainit ang ulo mo dahil hindi ka pa raw maaaring mag-loan. Sinalubong ka ng alinsangan ng halos guguho nang silid-aralan. Binuksan mo ang bentilador. Umandar naman subalit guma-garalgal na parang pamutol ng troso. Pinatay mo na lang. Inilabas ang class record at ito ang ipinaypay. Pinasadahan ng sulyap ang mga estudyante sa harapan. Mga pito hanggang sampu ang absent. Bahagya kang natuwa dahil marami-rami silang nandito ngayon. Pumulot ka ng putol na tsok at isinulat ang paksa para sa araw na iyon. Tatalakayin ninyo ang epiko ni Lam-ang. Sinimulan mong magsalita. Pinabasa mo bilang asayment ito pero alam mong hindi ito binasa ng mga estudyante. Maging ikaw ay buod lamang ng epiko ang nabasa. Ilang minuto ka nang nagsasalita ay ganoon pa rin ang ginagawa ng mga estudyante nang iyo itong datnan. Bago pa lamang pumasok sa kuwarto ay nagpasya ka nang huwag nang inisin ang sarili. Pinabayaan mo ang ilang estudyanteng gumagawa ng asaynment sa Math. Kunwari'y hindi mo napansin ang mga babaeng ang mga kamay ay nasa loob ng bag at tinitiklado ang kabisado nang keypad ng celfon. May ilang kalalakihang kinakamada ang kanilang rubik's cube. Nakatitig sa iyo ang isa mong estudyanteng Muslim subalit hindi ka sigurado kung pinakikinggan ka nito o iniisip kung paano makokontrol ang paglunok ng laway sa ganitong panahon ng puasa. Huminga ka nang malalim. Payo ng iyong doktor na iwasan ang magalit dahil meron kang altapresyon. Subalit nang masulyapan mo at marinig ang isang estudyante sa may likuran na natutulog at naghihilik ay gustong sumambulat ang iyong dibdib. Subalit maging ang ibabato sanang ereyser ay hindi mo rin mahagilap. Nagising naman ang natutulog na estudyante at natigil ang iba pa sa kanilang pinagkakaabalahan nang may magpaikut-ikot na helikopter sa inyong ulunan. Maugong pa rin ang balitang aatake ang MILF at target na pasabugin ang inyong paaralan. Makalagpas ang mga helikopter ay pinasya mong ipagpatuloy ang talakay. Subalit parang may kung ano'ng bumikig sa iyong lalamunan. Biglang hindi ka na sigurado sa gagawin mo. Hindi mo mapagtugma ang kahalagahan ng gagawin sa kasalukuyang sitwasyon. Iniwan mo ang klase at tumuloy sa c.r. Doon ka humagulgol at nagsisi kung bakit hindi ka pa sumama

sa mga dating kaguro na ngayon ay mga domestic helper na sa Hong Kong at Singapore.

Ang papel na ito ay para sa mga guro ng panitikan. Dahil sa harap ng samu't saring problemang maaari mong isipin, kailangan mong maging nanay. Kailangan mong iluwal ang kumikislot na panitikan sa iyong sinapupunan.

## Ang Guro Bilang Tagamangha

Kung ang pagkamangha ang susi sa gintong pintuan ng panitikan, ang mga guro naman ang may tangan ng susing iyon. Gamit ang panitikan, kailangang pag-aralan ng guro ang sining ng pagmamangha. Sa ganitong paraan lamang niya mai-engganyo ang mga estudyante na pahalagahan kundi man tuluyang mahalin at lasapin ang daigdig ng mga kuwento. Kasabay o kasunod ng pagkamangha ang bisa o birtud ng panitikan. Ang bisa sa isip, damdamin at kaasalan ay nakalala sa nasabing pagkamangha. Kung gayon, ang pagkamangha ay isang yugto o mga yugtong nararamdaman ng isang dumaranas ng panitikan. Sa yugto o mga yugtong ito nagkabisa ang panitikan sa kanyang isip, damdamin at kaasalan. Maaaring tingnan ito bilang yugto na tinatawag sa Ingles na epiphany—(1) a sudden manifestation or perception of the essential nature or meaning of something (2) an intuitive grasp of reality through something (as an event) usu. simple and striking. Ito na rin siguro yaong sinasabi ng manunulat-kritikong si Dr. Bienvenido Lumbera na "Dating." Ang "Dating" bilang natatanging estetikang Pinoy ay tumutukoy sa kahulugan ng isang akdang sining sa dumaranas nito. Mainam marahil sa puntong ito na linawin natin ang mga nasabing konsepto sa pamamagitan ng halimbawa.

Narito ang ilang kasabihan:

1. Ang hindi magmahal sa sariling wika ay higit pa sa hayop at malansang isda.
2. Ang hindi magmahal sa sariling wika...eiiiwww!
3. Ang hindi magmahal sa sariling wika ay sa call centers naglipana.

Alam n'yo ba ang kahulugan ng tatlong kasabihan/"kasabihan"? Alin sa mga kasabihan/"kasabihan" sa itaas ang mas may dating sa inyo? Nasaan ang epiphany? Ano ang epekto sa inyo ng unang kasabihan? Ng ikalawa? Ng ikatlo? May pagkamangha ba matapos mabasa ang unang kasabihan? May pagkamangha ba pagkabasa ng huling dalawang "kasabihan"? Natawa ba kayo sa una? Natawa sa

ikalawa? Natawa sa ikatlo? Kung natawa sa ikalawa't ikatlo, magiging katawa-tawa ba ito (2 at 3) kung walang karanasan sa naunang kasabihan?

Habang iniisip natin ang mga sagot sa sandamakmak na katanungan sa itaas ay pansinin natin ang ilan pang halimbawa:

1. 'Pag may isinuksok
   May madudukot
2. Pagkahaba-haba man ng prusisyon
   Sa simbahan ang tuloy

Pamilyar tayo sa mga kasabihang ito at alam natin ang kahulugan ng mga ito. Namamangha pa ba tayo? May dating pa ba sa atin? Marahil oo. Ngayon, subukan nating paglaruan ang dalawang kasabihan. Kunin natin ang unang linya ng naunang kasabihan at ikabit sa ikalawang linya ng ikalawang kasabihan, kung gayo'y:

'Pag may isinuksok
Sa simbahan ang tuloy

May kahulugan ba sa inyo ang nabuong "kasabihan"? Mayroon bang "Dating"? Sinu-sino sa inyo ang nakaramdam ng epiphany? Paano nabuo ang kahulugan? Bakit nagkaroon ng epiphany?

Ang good news ay hindi natin kailangang sagutin ang lahat ng katanungan sa itaas ngayon din. Subalit sa puntong ito ay kailangang may ideya na tayo kung paano tayo gagalaw sa daigdig ng panitikan. At laging ang unang hakbang ay ang paghahalughog ng kahulugan. At dito na papasok ang ating kaalaman sa mga teoryang pampanitikan, na ikinagagalak kong ibalita sa inyo na tatalakayin din sa seminar-worksyap na ito ( o natalakay na yata?)

Ang trabaho ko ngayon ay kung paano matutulungan ang isang guro ng panitikan na pamanghain ang kanyang mga estudyante. Paano nga ba magiging tagamangha?

## Panitikan ng Bayan, Bayan ng Panitikan

Sa katunayan ay may syortkat naman talaga sa pagpapamangha sa mga estudyante. Wala tayong kailangang gawin kundi pumili ng mga akdang kamangha-mangha. At hulog ng langit para sa tagamangha ang ating panitikang bayan. Siksik-liglig-pikpik-umaapaw ang panitikang bayan sa ating bayan na naghihintay lamang damputin ng mga tulad nating guro ng panitikan.

Layunin ngayon ng bahaging ito na silipin ang ilang panitikang bayan at bigyan ito ng kahulugan, at tukuyin ang mga bahaging

pinagmumulan ng kamanghaan. Mahalaga ring maunawaan natin ang mga panitikang bayang ito bilang kodifikasyon ng mga tagalikha nito. Isang paraan ng pagsasatitik o pagsasatinig ng mga iniisip at nararamdaman kaugnay ng kanyang kapaligiran o sitwasyong kinapapalooban. Panitikang bunga rin ng pagkamangha nila sa mundong kinamulatan at pambubuliglig sa mga pangyayaring di lubos na maunawaan, tulad ng kung bakit bumubuga ng apoy ang bulkan at lumilindol? Saan nagmula ang tao sa daigdig at ang mga araw, buwan at bituin sa kalawakan! Kung gayo'y habang minamangha tayo ng mga panitikang ito ay natutuklasan natin kung paano dumama, mag-isip, magalit, umibig, mangarap at mabigo. Matutunghayan natin ang mga ilog, parang, bundok, dagat, talon na ginaygay ng mga tauhan ng mga kuwentong ito na siya ring humubog sa mga taong lumikha ng panitikang ito—na timbulan din ng kamanghaan sa kuwento. At kung tayo'y papalarin, maaari tayong makatuklas ng mga solusyon sa sarili o pambansa nating suliranin o maunawaan kung ano talaga ang esensya ng ating pagka-Pilipino, ang mapa ng ating bayan. At hindi tayo kinukulang ng mga nakasulat at oral na panitikan na nagpapakahulugan sa ating lahi. Pinatutunayan ito ng di kukulangin sa tatlumpung pamilya ng etnoepiko. Ilan sa mga ito ang Darangen ng mga Maranao na nalikha bago pa dumating ang Islam, ang Arakan-Arumanen na *Agyu*, ang *Guman* at *Keg Sumba neg Sandayo* at *Ag Tobig nog Keboklagan* ng Suban-on, ang *Hinilawod ng* Sulod, ang Hudhud ng Ifugao , ang *Humadapnon ng* Kinaray-a, ang *Kudaman ng* Palawan, ang *Parang Sabil* ng Tausug, ang *Tuwaang* ng Manobo, ang Ulahingan ng Livunganen-Arumanen, ang *Ullalim ng* Kalinga at ang *Biag ni Lam-ang* ng mga Ilokano. Mahalagang pansinin na may pagkakahawig ang naratibo ng mga etnoepikong ito—ang bayani (lalaki o babae man) ng epiko ay lumilisan sa kanilang tahanan upang maghanap o makatagpo ng mahika (maaaring isang kampilan o kalasag, o mahikal na aso o manok) na makapagdadala sa kanya sa bagay , tao o lugal na hinahanap, magpapasimula ng digmaan, makikidigma nang matagalan (minsa'y ilang dekada ang binibilang!), patitigilin ang pakikidigma ng isang babae o lalaking diyos, matatanto na ang dinidigma pala niya ay kadugo, mamatay, mabubuhay muli, babalik sa sinilangan at mag-aasawa. Malinaw rin sa mga epikong ito na walang Pinoy na nag-iisa. Lahat ng Pilipino, bayani man o kontrabida ay tumatanggap ng tulong at lakas at kaligtasanj mula sa kapwa niya. Ang Pipol Power ay nakaugat na sa ating kamalayan, libong taon o higit pa ang nakaraan. Kamangha-mangha? Patikim pa lang yan.

Kaya't sakay na sa Magik Malong at lumipad tayo sa daigdig ng kamanghaan!

## Out si Malakas, In si Bantay!: Ang Umaalulong na Mito ng Pinagmulan ng Tao

Nang tumakas ang mga Marcoses sa Malakanyang ay natambad sa publiko ang higanteng dibuho ng mag-asawa—sa nabiyak na kawayan ay naroon ang Pangulo at Unang Ginang bilang si Malakas at si Maganda. Depiksyon ito ng isang mito tungkol sa pinagmulan ng tao. Malay man o hindi ang mag-asawa, ito ang katangiang ipinamumukha nila sa tao—si Makoy bilang Malakas, at si Meldy bilang Maganda. At malay man o hindi ang ng mga Pinoy, ang pagiging "malakas" ng Pangulo at ang "ganda" ng Unang Ginang ang gumayuma sa mga Pilipino sa loob ng mahigit dalawampung taong diktadurya.

Tumitiwalag ang mito sa maka-Kristiyanong nosyon ng paglalang maging sa di umano'y pahiwatig ni Charles Darwin na nagmula ang tao sa unggoy. Kung gayo'y nililinaw nito na may sarili tayong konsepto ng paglalang. Subalit may agam-agam rin sa pagkakabit ng mga katangiang "malakas" at "maganda" sa unang dalawang nilalang sa mundo. Dahil hindi nga ba't sa ilan pang katutubong mito ay tinawag lamang silang "babaye" at "lalake"? Umuusbong ngayon ang duda na ang mito ni Malakas at ni Maganda ay isa sa mga halimbawa ng panitikang dinistorte ng mga Kastila upang umayon sa kanilang sariling ganansiya. Hindi nga ba't ang dinatnan nilang kababaihan sa ating pulo ay yaong malalakas, matatalino at matatapang?

Maraming bersyon ng katutubong kuwento tungkol sa paglàlang. Mayroon ang mga B'laan, Tiruray at iba pa. Subalit ang bersyon ng mga Higaonon ang lubhang nakapagpamangha sa akin. Narito ang sipi mula sa salin ni Dr. Rosario B. Dizon:

> Naghawan si Mampolompon ng lugar para taniman ng maraming punla nang nagsimula na naman ang tagtuyot kaya't namatay lamang lahat ang binhi. Sinubukan muli niyang magtanim ng kung anu-ano pang binhi para may makain nguni't wari'y isinumpa ni Magbabaya (pinaka-hari ng mga Diyos) ang lupa dahil ang lahat ay namatay maliban sa kawayan. Tumaas ito nang tumaas at nang minsang humangin nang napakalakas, ang

> kawayan ay nabali. Ilang sandali pa, nakakita si Mampolompon ng isang babae at isang aso. Bigla siyang nagulat. Lumapit siya sa kawayan at tiningnan itong mabuti. Sa isang biyas ay natagpuan niya ang ilang hibla ng buhok ng babae at sa kabilang biyas naman ay balahibo ng aso. Natiyak niyang ang dalawang bagong dating ay galing sa kawayan. Nang kausapin niya ang babae ay kinagat siya ng aso at natuklasan niyang hindi siya makapagsalita. Naging pipi na siya. Paulit-ulit niyang pinilit magsalita ngunit talagang walang tinig na lumalabas sa kanyang bibig. Sa wakas ay nagsalita ang aso at ginawa nitong alipin si Mampolompon. Ikinasal ang babae at ang aso. Maya-maya ay umulan at nababad sa tubig ang mga natutulog na binhi. Hindi naglaon, ang mag-asawa ay nanganak nang marami. Sila ang masisipag na magsasaka ng mga bukirin sa kabundukan.

Masarap sanang suriin ito subalit napipi na rin ako sa kamanghaan.

### Noon Pa Ma'y Inaaninaw na natin ang Kalinaw

Triple sana ang bilang natin ngayon, kung hindi magiay ang kalagayang pangkapayapaan sa Mindanao. Ang pagnanais ng katahimikan at pagkakasundo ay masasalamin sa *Kalikat* ng Bukidnon:

Ayon sa tradisyon ang pinagmulan ng sinaunang tao sa Bukidnon at Lanao ay umiikot sa kuwento ng magkapatid na lalaking si Balaoy( o Balaoi) at Belen—ang pangunahing tauhan sa Kalikat. Naglakbay ang magkapatid pasilangan mula sa kanilang pinanggalingan upang maghanap ng yaman at mabuting buhay. Matapos ang mahabang paglalayag, napadpad sila sa isla na kinikilala natin ngayong Mindanao, na noong panahong iyon ay dumaranas ng tagtuyot. Problema ang maiinom. Nagkasundo sila na maghiwalay upang maghanap ng tubig. Nagkasundo rin sila na kung sino man ang unang makatatagpo ng tubig ay tatawagin ang isa. Wala silang ideya kung saan makahahanap ng tubig. Baguhan sila sa pulo. Ang nakatatandang si Belen ay ginaygay ang direksyon ng ngayon ay probinsya ng Lanao del Sur—kung saan matatagpuan ang lawa ng Lanao. Matimpi namang sinundan ni Balaoy

ang bakas ng isang dating malaking ilog hanggang makarating siya sa matarik na na bundok sa dakong silangan ng ngayon ay probinsya ng Bukidnon. Umakyat si Balaoy sa bundok at natanaw niya ang isang lawa sa talampas at napangisi (ngisaw). Kinilala ang bundok na iyon na Ngisawan at ang lawa na Pamugwakan—na ngayon, ang bundok at lawa ay matatagpuan sa Upper Pulangi valley sa hilagang-silangang bahagi ng Bukidnon.

Bumaba si Balaoy sa lawa at uminom at naalala niya ang kasunduan nilang magkapatid kaya umakyat uli siya sa bundok at sumigaw ng "Belen! Dumini ka ta amin danao dini!" (Belen! Pumunta ka rito at may lawa!) Narinig naman ni Belen si Balaoy at umakyat ito at sumagot ng: "Amin danao dini!" (May lawa rin dito!). Dito raw nanggaling ang katawagang Mindanao.

Doon na nanirahan sa tabi ng lawa ang magkapatid—si Balaoy sa Lawa ng Pamugwakan at si Belen sa may Lawa ng Lanao. Doon na rin nakapag-asawa at bumuo ng pamilya ang magkapatid. Ang angkan ni Balaoy ang kasalukuyang tao sa Bukidnon at ang angkan naman ni Belen ay ang kasalukuyang mga Maranao.

At tulad ng mga kuwento sa etnoepiko, dumating ang panahon na ang angkan ng magkapatid ay nakidigma sa isa't isa subalit natigil ang madugong digmaan nang matuklasan nilang magkakamag-anak pala sila at nagmula sa iisang angkan.

Isang Manobo sa Agusan ang nagkuwento tungkol kay Dagau, ang katumbas ni Atlas, na siyang taga-buhat ng mundo. Kapag nagdidigma ang nasa ibabaw ng lupa at dumadanak ang dugo, natutuluan si Dagau at niyuyugyog niya ang mundo. Isa ba itong pagpapahiwatig na itigil natin ang digmaan at itaguyod ang kalinaw upang hindi lumindol at mawasak ang daigdig?

## Si Charice Pempenco at Baybayan: Ang Ngayon at Noon ng Paglibot sa Daigdig

Kung hindi mo kilala si Charice Pempengco, hindi ka Pinoy. Nitong mga huling araw ay waring naagaw na ni Charice kay Pambansang Kamao Manny "Pacman" Pacquiao ang korona bilang pinakasikat na Pinoy sa Mundo. Ilan lamang sina Oprah Winfrey, Helen de Generes, Josh Groban, Andrea Bocelli at nito ngang huli ay ang famosong singer na si Celine Dion, sa mga nakabungguang-balikat ng labing-anim na taong mang-aawit na Pinay. Ilang bansa na rin sa Asya ang "naawitan" ni Charice at patuloy na dumadagsa ang mga imbitasyon mula sa Europa

at Amerika. Bago siya ay nariyan sina Pilita Corales, Cecil Licad, Lea salonga at iba pa. Naglilibot ang mga Pinoy sa daigdig at minamangha nila ang ibang lahi ng kanilang sining. Global ang Pinoy.

Noong una pa man ay pandaigdig na tayo. Sa ilang kuwentong bayan ay nababanggit si Baybayan, ang kapatid ng bayaning si Agyu. Si Baybayan na hindi malinaw kung babae o lalaki (kung gayo'y bading?) ay kakaiba kaysa sa kanyang mga bruskong kapatid na kuyom lagi ang kamao at handang pumatay o mamatay sa digma. Si Baybayan ay mas abala sa pag-awit at pagsayaw at iba pang gawaing hindi "panlalaki." Hindi siya mahikayat ng mga kapatid na makidigma at sa halip ay ipinasya niyang maglibot na lamang sa daigdig upang turuan ang lahat ng lahi ng kanyang sining at panitikan.

Noong una pa ma'n ay may mga patunay na nakikipagkalakalan na tayo sa mga kalapit-bansa sa Asya at sa Europa. Ang mga Tinguian ay may mga kuwentong bayan na naniniwalang ang mga Europeo ang kanilang ninunong naglibot sa mundo at bumalik lamang sa lupang tinubuan pagkaraan ng maraming taon.

## Bago pa man sina Superboy at Harry Potter, Nakikiadbentyur na sina Sandayo at Lam-ang!

Matapos naming talakayin sa klase ang Lam-ang, padodrowingin ko ang mga bata ng pinakapaborito nilang eksena sa epiko. 100% porsyento ng mga bata ang idodrowing si Lam-ang bilang isang matangkad, matipuno at guapong binata sa hulma nina Lapu-lapu, Superman at Conan the Barbarian. Subalit malinaw sa epiko na ang bayaning si Lam-ang ay isang bata, as in, **bata**. Ipinanganak si Lam-ang ng inang si Namongan nang nagsasalita na. Siya ang nagbigay ng sarili niyang pangalan at pumili sa kanyang magiging maninoy. Hinanap niya ang kanyang amang si Don Juan at nilipol ang mga igorot. Nakipagbuno sa buwaya at nakipagsagupa kay Sumarang. Napaibig at pinakasalan si Cannoyan. Kinain ng Berkakan at nabuhay muli sa tulong ng mahiwagang aso at manok at nabuhay nang maginhawa sa piling ng asawa. Subalit ang mas nakamamangha, ang lahat ng ito'y naganap sa estado niya bilang isang bata!

Ganito ang winika ng inang si Namongan nang magpasya si Lam-ang na hanapin ang nawawalang amang si Don Juan:

"Ay anak kong matapang na si Lam-ang

Huwag kang pupunta

**Manipis pa ang iyong talampakan**

**Ang mga kamay mo'y tila nakatikom pang mga dahon**
**Gulang mo'y di pa man umaabot ng siyam na buwan.**

Narito naman ang eksena nang matuklasan ni Lam-ang na "maaaring taniman ng butil ng palay" ang mga ulo ng manliligaw ni Ines Cannoyan sa sobrang dami nito:

"Ano kaya ang gagawin ko
Upang makalapit sa kaniya
Sa katatayong bahay-bahayan
Na pamamasyalan
Ni Donya Ines Cannoyan?"
Ay sumingit siya
**At nagsuot si Lam-ang**
**Sa mga binti ng mga manliligaw**
Hanggang sa kanyang narating
Ang gitna ng bakuran
Ng bahay ni Cannoyan.

Sa epiko naman ng mga Suban-on na Sandayo, hindi man pumayag ang ama nitong si Salaria na makidigma siya dahil nga sa katuwirang napakabata pa ni Sandayo para maglakbay—may gatas pa ito sa labi at hindi pa naaawat sa suso ng ina. Subalit inalayan ng inang si Bae Salaong ng gintong espada ang sanggol na mandirigma:

He took the sword
And tucked it in his waist
The sword of Sandayo
Dragged on the floor
Scraping the mat,

**So small the child**
Sandayo strutted
Towards the door.
Brandishing the sword
His golden sword;
Seven times he hurled it,
And seven times he caught it.
(Eugenio 2001: 540)

Mahalaga ang mga bata sa atin at mataas ang ating pagtingin sa kanila. Ang pagsasakatauhan sa mga bata bilang bayani ng epiko ay nagpapahiwatig ng pagbibigay natin ng pananalig sa kabataan. Hindi nga ba't ginasgas na tayo ng winika ni Rizal, na ang kabataan ang pag-asa ng bayan? Nasasalamin natin sa bata ang buhay. Ang pag-aaruga sa bata ay pag-aaruga sa bayan at sangkatauhan. At ang pagnananay sa ating kabataan hindi nagtatapos sa pagkalagot ng buhay.

Sa isang mito ng Bagobo, may isang diosang nagngangalang Mebuyan. Tadtad ito ng suso sa buong katawan. Kapatid siya ni Lumabat na nakatira sa langit. Dahil ayaw niyang sumama sa kapatid, nagpasya siyang manirahan sa ilalim ng lupa sa pamamagitan ng pag-upo sa bayuhan ng palay na dagling umikot pailalim. Hindi nagtagal ay nagtukod siya ng kaharian na tinawag na Banwa Mebuyan, isang lugar kung saan niya pinasususo ang mga sanggol na namamatay. At sigurado akong ang Mebuyan Milk ay walang ***melamine***!

## Simula ng Paglilihi

Kadalasan, kapag lasing na lasing na ako sa binabasang mga panitikan, nagsusuka ako ng mga likot ng isipan—Paano kung totoong si Haring Solomon ang nagbbigay sa atin ng katawagang "ophir" at totoong binigyan tayo ng mahikal na kapangyarihan? Paano kung totoong hindi napadpad dito ang mga Espanyol dahil sa paghahalungkat ng sibuyas, kamatis, luya, paminta at bawang, kundi dahil hinahanap nila sa dakong ito ang nawawalang Eden? Paano kung talagang dito sa lupa natin nagmula ang buhay? Katulad ng katotohanang ang nanay ng lahat ng orkidya sa daigdig ay ang ating Waling-waling? Bakit ang

pinakamalaking perlas ay dito matatagpuan? Bakit may mga bulaklak, halaman, hayop, ibon, kulisap na endemic lamang sa Palawan? Bakit may mga nahahalukay na bungo ng ating mga ninuno na may nakaukit na ginto? Bakit ang ilang katutubo sa dulong Luson ay binabatay ang kanilang kalendaryo sa pagreregla ng isang babae? Bakit sa bayan natin ay sumisilang at lumulubog ang araw? Bakit ang porsyento ng tubig sa daigdig ay katumbas ng porsyento ng tubig sa katawan ng tao? Bakit sinasabing sa tubig nagmumula ang buhay? Bakit ang pinakamalalim na yamang-tubig ay sa Pilipinas matatagpuan? Hindi ba't sa pinakamalalim nagmumula ang pinakamababaw? Kaya ba namumutiktik ang mga kuwentong bayan natin tungkol sa pinagmulan ng tao at paglalang ay mulat ang mga ninuno natin sa ganitong katotohanan? Tayo ba ang nanay ng sangkatauhan? Ito ba ang nais sabihin sa atin ni Mebuyan at ng ating mga domestic helper, caregiver at nars na nakakalat sa lahat ng sulok ng daigdig? Mga giliw kong guro at magiging guro, baunin ninyo ang mga tanong na iyan sa pag-uwi sa inyo-inyong pinanggalingan.

Maraming salamat po at humayo kayo at magpaka-Nanay!